MALACAÑAN PALACE
MANILA

MENSAHE

Nakikiisa ako sa sambayanang Kristiyano sa paggunita sa Kapaskuhan. Dalawang libong taon ang nakalipas, ang pagsilang kay Hesukristo ang nagsilbing katuparan sa pangako ng Diyos na isang tagapagligtas ang siyang tutubos sa sangkatauhan mula sa kasalanan at magdadala sa atin palapit sa Poong Maykapal.

Kaya naman ginugunita natin ang panahong ito nang may labis na kagalakan at kasiyahan. Isinasantabi muna natin ang ating mga pang-araw-araw na gawain upang makapiling nang mas matagal ang ating mga kaanak. Ibinabahagi rin natin ang ating mga biyaya sa pamamagitan ng pagbibigay ng regalo sa ating mga kaibigan at mahal sa buhay at pagdaraos ng handaan sa ating mga tahanan at pamayanan.

Sa gitna ng lahat ng ating pagdiriwang at kasiyahan, nawa ay maging kasangkapan tayo sa pagpapabuti ng buhay ng ating mga kababayang higit na nangangailangan. Magkaisa tayo sa pagsasapuso sa tunay na kabuluhan ng pagsilang ni Kristo at sa pagsasabuhay sa pagpapala at pag-ibig ng Maykapal.

Isang masaya, mapayapa at makabuluhang Pasko sa ating lahat!

RODRIGO ROA DUTERTE

MAYNILA
25 Disyembre 2017